TARTADO, Allyssa Jane M.

PA 150 - MHC

1. Ano-ano ang mga lapit (approach) sa konserbasyon ng kamanahang kultural?
    - Ang *adaptive reuse* ay tumutukoy sa muling paggamit ng mga lumang gusali para sa ibang layunin nang hindi binabago ang kanilang orihinal na disenyo at istruktura. Halimbawa, ang isang lumang gusali ay maaaring gawing lugar ng turismo habang pinapanatili ang makasaysayang aspeto nito.
    - Ang *old and new* ay tumutukoy sa pagtatayo ng mga bagong gusali sa pagitan ng mga luma at pinapanatiling istruktura upang buhayin ang mga lugar na hindi na ginagamit o pabayaan.
    - Ang *urban regeneration* ay tumutukoy sa mga hakbang o aksyong isinasagawa ng mga miyembro ng komunidad upang matugunan ang mga suliraning kinahaharap ng kanilang lugar kaugnay sa kasalukuyang kondisyon nito.
        - Ang *urban reconstruction* ay tumutukoy sa mga hakbang na naglalayong mapaunlad ang iba't ibang aspeto ng isang makasaysayang lugar tulad ng pisikal na kondisyon, ekonomiya, kultura, lipunan, at kapaligiran nito.
        - Ang *urban revitalization* ay tumutukoy sa pagpapa-unlad ng pisikal na aspeto ng isang lugar bilang pangunahing pokus upang magdulot ng pangmatagalang benepisyo sa iba pang aspeto tulad ng ekonomiya, kultura, lipunan, at kapaligiran.
        - Ang *urban renewal* ay tumutukoy sa pagtugon sa mga pinsala o pagkasira ng mga makasaysayang lugar na dumaan na sa pagsasaayos, kabilang na ang mga kalapit na lugar nito.
        - Ang *urban redevelopment* ay tumutukoy sa pagpapausbong ng ekonomikong aspeto ng mga lugar kung saan ang mga pagbabago ay nakatuon sa pagpapalago ng kapital.
2. Sa tingin mo ba magagamit (applicable) ang Culture-Oriented Economic Development ni Van der Borg at Russo (2005) sa mga bansang bahagi ng Global South?
    - Ang *Culture-Oriented Economic Development* (COED) ni Van der Borg at Russo (2005) ay maaaring magamit sa mga bansang kabilang sa Global South, tulad ng Pilipinas. Sa Pilipinas, ang turismo ay isa sa mga pangunahing sektor na binabalik-balikan ng mga dayuhan dahil sa mayamang kultura at kasaysayan nito. Sa pamamagitan ng COED, ang ekonomiya ay mapalalakas sa pamamagitan ng mga taglay nating kultura. Ang ganitong pagpapalakas ay nagbibigay ng mga oportunidad sa trabaho at pag-unlad ng mga lokal na negosyo. Bukod pa rito, napapanatili ng COED ang kultural na pagkakakilanlan ng bansa sa kabila ng urbanisasyon. Upang maging matagumpay ito, nangangailangan ng suporta ng pamahalaan, mga patakaran sa pangangalaga ng kultura, at aktibong pakikilahok ng komunidad. Sa ganitong paraan, makakatulong ang COED na umunlad ang ekonomiya habang pinapangalagaan ang mayamang kultura ng bansa.